Tumatanggap ba kayo ng mga Benepisyo ng Panlipunang Seguridad? Nag-aalala ba kayo kung ano ang mangyayari sa inyong mga benepisyo kapag nagtrabaho na kayo?

Kung nakakatanggap kayo ng Karagdagang Kitang Panseguridad (Supplemental Security Income o SSI) at/o Panglipunang Seguridad para sa may mga Kapansanan (Social Security Disability Insurance o SSDI), kailangan ninyong malaman ang mga katotohanan tungkol sa mga insentibo sa trabaho at mga suporta sa pagtratrabaho upang manatili kayong may kontrol sa inyong salapi at kalusugan hanggang kayo ay maging malaya nang kumikita at nakapagtratrabaho.

Alamin ang MGA KATOTOHANAN!

Ang mga MITO:

- Kung magtatrabaho ako, mawawala ang aking mga benepisyong pera
- Kung magtatrabaho ako, mawawala ang aking Medi-Cal o Medicare
- Kung magtatrabaho ako at kakailanganing kong tumigil dahil sa aking kapansanan, hindi na ako makakabalik sa aking mga benepisyo

Ang mga KATOTOHANAN:

- May mga ipinapatupad na mga suporta sa pagtatrabaho upang tiyaking hindi maagang mawawala ang iyong mga benepisyong pera
- May mga programa ng Medi-Cal at Medicare na talagang nauukol para sa mga nagtatrabahong taong may kapansanan
- Kung kakailanganin mong tumigil sa pagtatrabaho dahil sa iyong kapansanan, maaari mong ibalik ang iyong mga benepisyo nang hindi na kailangan ng bagong aplikasyon

Alam mo ba?

- Maaari kang kumita ng hanggang **$59,892** ngayong taon (2015) ***at*** magkaroon ng Medi-Cal. **Programa ng Medi-Cal para sa mga Nagtatrabahong May Kapansanan (Medi-Cal Working Disabled Program), MAGAGAWA MO!**
- Maaari kang patuloy na makatanggap ng Medicare habang nagtatrabaho.
- Maaari mong mapanatili ang Medi-Cal at/o Medicare kasama ng iyong pribadong seguro sa kalusugan.

Gusto mo pang dagdagan ang iyong kaalaman? Makipag-usap sa iyong tagapayo o nauukol na proyekto ng Tulong at Pagpaplano sa Mga Insentibo sa Trabaho (Work Incentives Planning and Assistance o WIPA) tungkol sa mga mapagkukunan para sa pagpaplano ng mga benepisyo.

Para sa nauukol na impormasyon tungkol sa programang Tiket na Magtrabaho, humingi sa iyong tagapayo ng kopya ng, Katunayang Papel ng mga Nakikinabang sa DOR tungkol sa Programang Tiket na Magtrabaho.

Suporta sa Inyong Paglalakbay Patungo sa Sariling Pananalapi

Maaaring narinig mo nang sabihin ng mga tao na *"mawawala ang iyong mga benepisyong pera kung magtatrabaho ka."* Isa itong karaniwang maling kuru-kuro. Sa katunayan, ang Administrasyon ng Panlipunang Seguridad ay may mga suporta sa pagtatrabaho at insentibo sa trabaho na idinisenyo upang tulungan kang lumipat sa mundo ng pagtatrabaho at pagsasarili nang hindi mawawala nang maaga ang iyong mga benepisyo.

Mga Suporta sa Pagtatrabaho at mga Insentibo sa Trabaho ng SSI:

- Mga Pagbubukod sa Pangkalahatang Kita at Naipong Kinita
- Mga Gastusin sa Trabaho na May Kaugnayan sa Kapansanan (Impairment Related Work Expenses o IRWEs)
- Mga Gastusin sa Trabaho ng Bulag (Blind Work Expenses o BWEs)
- Planong Makamit ang Pagsasarili (Plan to Achieve Self-Support o PASS)
- Pagbubukod sa Naipong Kinita ng Mag-aaral (Student Earned Income Exclusion o SEIE)
- Medi-Cal 1619B

Mga Suporta sa Pagtatrabaho at mga Insentibo sa Trabaho ng SSDI:

- Panahon ng Pagsubok na Trabaho (Trial Work Period o TWP)
- Pinahabang Panahon ng Kwalipikasyon (Extended Period of Eligibility o EPE)
- Palugit na Panahon
- Mga Gastusin sa Trabaho na May Kaugnayan sa Kapansanan (Impairment Related Work Expenses o IRWEs)
- Mga Tulong na Pananalapi at Espesyal na Kundisyon
- Hindi Matagumpay na Pagsubok na Magtrabaho (Unsuccessful Work Attempt o UWA)
- Pagkukuwenta ng Katamtaman
- Medicare para sa Mga Taong May Mga Kapansanan na Nagtatrabaho
- Pagpapatuloy ng Medicare

Mga Suporta sa Pagtatrabaho at mga Insentibo sa Trabaho para sa SSI at SSDI:

- Seksyon 301: Patuloy na Pagbabayad sa Ilalim ng VR o Katulad na Programa
- Pinabilis na Pagbabalik (Expedited Reinstatement o EXR)
- Tiket na Magtrabaho (Ticket to Work o TTW)
- Programa ng Medi-Cal para sa mga Nagtatrabahong May Kapansanan (Medi-Cal Working Disabled Program)

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga suporta sa pagtatrabaho at mga insentibo sa trabaho pumunta sa:

Disability Benefits 101 (www.DisabilityBenefits101.org)
Ticket to Work (www.ChooseWork.net)
The Red Book (www.SSA.gov/redbook)

Interesado sa pagkuha ng mga webinar tungkol sa mga insentibo sa trabaho? Pumunta sa:
Talent Knows No Limits (TalentKnowsNoLimits.com/webinar.html)